Department of
**Education**

GOVERNMENT OF
WESTERN AUSTRALIA

# Kailangang makipag-ugnay ang mga kabataan sa mundo ng trabaho

## Impormasyon para sa mga magulang at taga-alaga

Kailangan ng mga mag-aaral ang mga pagkakataong matuto mula sa mga tagapag-empleyo tungkol sa trabaho, binabayarang trabaho at mga kasanayan na pinahahalagahan sa lugar ng trabaho. Nalalapat ito sa lahat ng mga mag-aaral maski sila ay naghahanap ng direktang pagpasok sa unibersidad, balak na magsagawa ng karagdagang pagsasanay paglabas nila sa paaralan, o nagpaplanong direktang makapasok sa trabaho.

Ang pakikipag-ugnayan sa mundo ng trabaho ay nakakatulong sa mga kabataan na maintindihan ang kaugnayan ng kanilang natututunan sa paaralan, nagpapalawak sa kanilang abot-tanaw, umaangat sa kanilang mga hangarin, at binibigyang-diin ang lawak ng mga trabaho at landas ng propesyon na bukas para sa kanila.

Ang mga kabataan ay nangangailangan ng mga pagkakataon na:

- patunayan na sila ay mapagkakatiwalaan
- ipakita na alam nila kung paano magtrabaho
- mapabuti ang pagtitiwala sa sarili
- makabuo ng mga kasanayan.

Ang mga pagkakataon para sa mga kabataan na maranasan ang mundo ng trabaho ay kabilang ang:

- mga trabahong part-time at kaswal
- pag-aaral sa lugar ng trabaho at karanasan sa pagtatrabaho sa pamamagitan ng isang programa sa paaralan
- work shadowing (kung saan sinusundan at binabantayang mabuting ang ibang empleyado na gumanap ng kanilang tungkulin)
- pagboboluntaryo
- mga pagbisita sa lugar ng trabaho
- mga pagsubok sa trabaho at internship
- mga sports club
- mga pagnenegosyo at mga pagsisimula (start-up).

Ang karanasang ito ay makakatulong sa pagkakaroon ng kaalaman at mga kasanayan na kinakailangan sa pagkakaroon at pananatili sa pagkaka-empleyo, at uunlad sa lugar ng trabaho.

### Pagbuo ng mga kakayahan sa trabaho

Ang mga kakayahan sa trabaho ay kumakatawan sa mga pinakamahalaga, kinikilala at pinahahalagahan na mga pag-uugali o saloobin sa trabaho. Lalong idinidiin ng mga tagapag-empleyo ang pangangailangan sa mga empleyado na magkaroon at makapagpakita ng mga kakayahan sa trabaho.

D23/1255127
June 2023
CC BY
Exclusions may apply

Mga kinakailangang kasanayan sa kakayahang magtrabaho na kinikilala ng National Skills Commission ay kabilang ang:

- Mga kasanayan na pakikipagkapwa sa mga tao at pantao
- Mga kasanayan sa organisasyon at pagpaplano
- Pagiging maaasahan at pagganyak
- Kritikal na pag-iisip at paglutas ng problema
- Mga kasanayan sa komunikasyon at pagtutulungan
- Kakayahang makibagay at katatagan
- Marunong sa bagong teknolohiya



cc BY
Exclusions may apply